

Ang Pamahalaang Militar ng mga Amerikano sa Pilipinas bago ang Digmaang Pilipino-Amerikano

JELY A. GALANG

This paper aims to present the conduct of the Military Government established by the Americans in the Philippines from the time after the mock battle of Manila between the United States and Spain was staged on August 13, 1898, until before the Filipino-American War on February 4, 1899. Although it was replaced by a civil one only in 1901, the administrative and diplomatic programs and activities it initiated during the first six months of its existence had significant effects in the succeeding events that would happen in the country. This paper argues that this government succeeded in creating the foundation of the different fields in the government like public education, health, peace and order, but failed in preventing the rising tension between its armed forces and Aguinaldo's troops, which later on led to a war that claimed thousands of lives and destroyed a great number of property and infrastructures.

Naglalayon ang papel na itong ilahad ang naging pamamalakad ng Pamahalaang Militar na itinayo ng mga Amerikano sa Pilipinas mula nang matapos ang kunwa-kunwariang labanan sa Maynila sa pagitan ng Estados Unidos at Espanya noong Agosto 13, 1898 hanggang bago ang pagsiklab ng Digmaang Pilipino-Amerikano noong Pebrero 4, 1899. Bagama't pinalitan lamang ito ng isang pamahalaang sibil pagdating ng 1901, ang mga programa at gawaing pang-administratibo at pandiplomatikong isinulong nito sa unang anim na buwan ng kanyang pamamalakad ay mayroong

mahalagang epekto sa mga susunod na mga pangyayaring magaganap sa bansa. Nais palitawin ng papel na ito na nagtagumpay ang pamahalaang militar sa pagtatayo ng pundasyon ng iba't ibang sangay ng pamamahala tulad sa sistema ng edukasyon, kalusugan, at kapayapaan, subalit nabigo naman sa pagpigil sa tumataas na tensyon sa pagitan ng kanyang pwersa at mga tropa ni Aguinaldo na nagdulot naman ng angkop na kondisyon para sa digmaang kumitil ng libo-libong buhay at sumira ng maraming ari-arian at imprastraktura.

Magsasampung taon bago pa man ipahayag ni Emilio Aguinaldo ang kasarinlan ng Pilipinas sa Cavite, isinulat na ni Jose Rizal ang posibilidad na sakupin ng Estados Unidos (EEUU) ang Pilipinas (Rizal, 1889). Maaaring sabihing nagdilang-anghel siya sapagkat makalipas lamang ang ilang araw matapos itayo ni Aguinaldo ang isang rebolusyonaryong pamahalaan, nagsidatingan ang mga tropang Amerikano. Dahil dito, sa pananaw ni Apolinario Mabini, hindi pa angkop na ipahayag ang kasarinlan. Para sa kanya, kinakailangan munang malaman ang layunin ng mga Amerikanong nangako diumano kay Aguinaldong tutulungan lamang ang bansang lumaya mula sa kolonyalismong Espanyol (Kalaw, 1930). Subalit hindi ito ang nangyari. Pagdating ng Agosto 1898, isinagawa ng EEUU at Espanya ang kunwa-kunwariang labanang nagdulot sa pagtatayo ng unang pamahalaang militar na siyang pasimula ng pananakop nito sa bansa.

Layunin ng pananaliksik na suriin ang naging takbo ng pamahalaang militar ng mga Amerikano sa bansa mula sa “opisyal na pagkatalo” ng Espanya sa labanan sa Look ng Maynila noong Agosto 13, 1898 at nagresulta sa paglagda sa *Articles of Capitulation* ng dalawang kapangyarihan hanggang bago sumiklab ang Digmaang Pilipino-Amerikano noong Pebrero 4, 1899. Bagama’t pinalitan lamang ito ng pamahalaang sibil noong 1901, ang mga pangyayari sa unang anim na buwan ng naturang pamahalaan ay may makabuluhang epekto sa mga sumunod na pangyayari sa kritikal na panahong ito. Magtutuon ang pagtalakay sa dalawang larangang binigyang-pansin ng pamahalaang militar: larangang pang-administratibo at larangang pandiplomatiko. Tinutukoy sa larangang pang-administratibo ang mga programa upang maibalik sa normal ang kalakarang pulitikal sa bansa partikular ang mga mamamayan sa Maynila, kabilang na ang usaping pangkapayapaan at katahimikan, pamamalakad-hudisyal, pagsasaayos ng pananalapi ng lungsod, kalusugan at sanitasyon, at ang pagtatayo ng pampublikong sistema ng edukasyon. Tumutungkol naman ang larangang pandiplomatiko sa pakikipag-ugnayan sa pamahalaang Pilipinong pinangungunahan ni Aguinaldo. Ilan sa mga

usaping nakapaloob dito ang dalawahang pag-okupa ng Maynila, paglikas ng mga rebolusyonaryo sa mga lugar na kalapit ng Maynila na sinasabing sakop ng mga Amerikano, pagkuha at pagturing ng rebolusyonaryong pamahalaan sa mga bihag ng digma, usapin sa *Benevolent Assimilation Proclamation* at pagkontrol ng Iloilo, at mga pagpupulong bago ang Pebrero 4, 1899 upang maiwasan ang sagupaan ng mga Pilipino at Amerikano.

Nais palitawin ng pananaliksik na nagtagumpay ang pamahalaang militar sa mga programang isinulong nito sa larangang pang-administratibo subalit nabigo naman sa larangang pandiplomatiko na naging dahilan sa pagsiklab ng Digmaang Pilipino-Amerikano. Ang pananagumpay o pagkabigo ay sinusukat sa mga adhikaing kinailangang isakatuparan ng pamahalaan ayon sa mga utos ng Pamahalaang Amerikano sa Washington at sa mga personal na pagtitimbang-timbang ng mga pinunong militar sa Pilipinas. Sa unang larangan, adhikain ng pamahalaang mapabuti ang kalagayan ng mga mamamayan dahil wala pang pinal na pag-uusap ang EEUU at Espanya sa kahihinatnan ng Pilipinas. Samantala, sa pangalawa naman ay maiwasan ang madugong komprontasyong maaaring maganap sa pagitan ng mga hukbong Pilipino at Amerikano.

LABANAN SA LOOK NG MAYNILA, MAYO 1, 1898

Ang pagtungo at nang lumaon pagsakop ng EEUU sa Pilipinas ay dulot ng pagkakasangkot ng huli sa Digmaang Espanyol-Amerikano. Tulad ng Cuba at Puerto Rico, ang Pilipinas sa panahong ito ay nasa kapangyarihan pa rin ng Espanya kaya't kinailangan din ng EEUU na pabagsakin ito sa pamamagitan ng pagpapadala sa Maynila ng ilang pwersa ng kanyang *US Asiatic Squadron* na nakabase sa Hongkong (Bailey at Kennedy, 1987; Smith, 1994).

Makabago at mas malakas ang mga barkong pandigma ng EEUU na kinabibilangan ng *Olympia*, *Baltimore*, *Raleigh*, *Boston*, *Concord*, *Petrel*, at *McCulloch* kung ikukumpara sa lumang pag-aari ng Espanya.

Dahil dito, naging madali para sa mga Amerikano sa pangunguna ni Commodore George Dewey na makuha at maokupa ang Look ng Maynila noong Mayo 1, 1898 sa pamamagitan ng pagpapasabog sa mga barkong *Reina Cristina*, *Castilla*, *Don Juan de Austria*, *Don Antonio de Ulloa*, *Isla de Cuba*, *Marques del Duero* at *Isla de Luzon*. Sa kanyang ulat, sinasabi ni Elliott (1917) na 167 ang namatay at 214 ang sugatan sa mga tropang Espanyol samantalang wala isa man ang namatay o nasugatan sa mga Amerikano.

Gayunpaman, dahil mayroon pang mga istrukturang pandepensa sa look na maaaring gamitin ng mga Espanyol, minabuti ni Dewey na magbase sa Cavite at maghintay ng karagdagang sundalong uukopa sa Intramuros dahil mayroon lamang siyang 1,700 na sundalo. Hindi magiging ganap ang pagkuha sa Maynila ng kanyang pwersa dahil sa walang *army* na magsasagawa ng pag-okupa. Sa kanyang tantiya, sapat na ang 5,000 sundalo para tuluyang mapabagsak ang Maynila sa kabila ng mas malaking pwersang Espanyol dito (Younghusband, 1899; Linn, 1989). Iniulat niya sa Washington ang kakanyahan ng kanyang tropang (kasama ang hiniling na karagdagang sundalo) madaling pagsakop sa Maynila (Linn, 1989) kahit na bago pa man ang pag-eksilo ni Aguinaldo sa Hongkong ay nagpatuloy pa rin ang pakikipaglaban ng mga Pilipino. Kaya nga sa pagbabalik nito, maraming lugar sa kapuluan ang kontrolado na ng mga rebolusyonaryo tulad ng mga lugar malapit sa Maynila (Agoncillo, 1960).

Samantala, dahil sa kasunduan diumano ni Aguinaldo at mga Amerikanong Konsul sa Hongkong na tutulong lamang ang mga Amerikanong magapi ang mga Espanyol, naglayag si Aguinaldo patungong Pilipinas sakay ng barkong pandigma na *USS McCulloch* (Worcester, 1914). Subalit dahil hindi pa tuluyang napapatumba ang Maynila at naghihintay pa ng karagdagang sundalo at utos si Dewey, dumiretso si Aguinaldo sa Cavite at pagdating ng Hunyo 12, 1898, sa kabila ng pagtutol ni Mabini, ipinahayag ang kasarinlan. Labing-isang

araw matapos nito, sa pamamagitan ng isang *decree*, itinatag niya ang isang probisyonaryong pamahalaan (Agoncillo, 1960).

Sa panahong ito, naglayag naman mula sa California ang apat na *regiment* ng mga sundalong Amerikanong binubuo ng mga 14,000 regular at boluntaryong mula sa iba't ibang estado ng EEUU- ang *American Expeditionary Force*. Ang unang *regiment* na pinangunahan ni Hen. Thomas M. Anderson ay umalis noong unang bahagi ng Hunyo 1898 at dumating noong Hunyo 30. Ang pangalawang pinangunahan ni Hen. F. V. Greene ay dumating noong Hulyo 17, at makalipas ang higit isang linggo dumating naman si Hen. Wesley Merritt upang pamunuan ang pwersa. Ang pangatlong pinangunahan ni Hen. Arthur MacArthur na may kasamang 10,000 sundalo ay dumating noong Agosto 7 at ang huli sa pangunguna ni Hen. Elwell Otis ay dumating noong Agosto 21. Si Anderson ang pansamantalang nanguna sa mga hukbong ito subalit hinalinhan siya ni Merritt pagdating nito sa Pilipinas (Elliott, 1917).

KAPITULASYON NG MAYNILA, AGOSTO 13, 1898

Mayroon nang inisyal na pag-uusap sina Dewey at ang pinunong Espanyol na si Gobernador-Heneral Fermín Jaudenes para sa mapayapang pagsuko ng mga Espanyol. Naging tagapamagitan dito ang *British Consul* na si Raouson-Walker at pinalitan ng *Belgian Consul* na si Edward André. Napagkasunduang magsasagawa ng kunwa-kunwariang digmaan (*mock battle*) upang mabigyang-hustisya ng mga Amerikano ang kanilang “tagumpay” at upang hindi rin mapahiya at mapasailalim sa *court martial* ang mga pinunong Espanyol (Agoncillo, 1960; Gleeck, 1998). Sa katotohanan, hindi naman kailangan ang ganitong labanan dahil noong Hulyo 22, 1898 pa lamang - mahigit isang buwan matapos na makuha ni Dewey ang Look ng Maynila - humiling na ng kapayapaan ang Espanya sa EEUU. Noong Agosto 10 isang borador ng *Peace Protocol* ang ipinadala ng *US Secretary of State* sa pamahalaang Espanyol na lalagdaan ng una at ng

French Ambassador sa Washington na tumayong kinatawan ng Espanya. Ang nasabing *Protocol* ay nilagdaan ng mga kinatawan ng dalawang panig sa Washington noong hapon ng Agosto 12 ngunit dumating lamang ang balita tungkol dito makalipas ang apat na araw dahil pinutol ni Dewey ang *submarine telegraph cable* na nagdurugtong sa Maynila at Hongkong (Taylor, 1971).

Kinailangang masiguro ng mga Amerikanong hindi mapapasok ng mga rebolusyonaryo ang lungsod sa pangamba ng mga Espanyol na maghiganti ang mga ito at magkaroon ng kaguluhan. Subalit dahil nakapaligid ang pwersang rebolusyonaryo sa pangunguna nina Heneral Pio del Pilar, Mariano Noriel, at Artemio Ricarte, hiniling ni Merritt sa pamamagitan ni Hen. Greene na magsilikas ang mga ito upang makadaan ang mga Amerikano na pinahintulutan naman ni Aguinaldo (Elliott, 1917). Dahil sa positibong pagtugong ito, naisakatuparan ang “labanang” nagsimula bandang alas 9:30 n.u. noong Agosto 13, 1898. Ang mga tropa ni Dewey sa puntong iyon ay nagsimulang magpapatok sa *Fort San Antonio Abad* sa Malate at sa mga *trenches* ng mga Espanyol habang pinapapatukan naman ng *Utah Battery* ang mga tanggulan ng mga Espanyol. May ilang mga bahagi ang lungsod ng Maynila na kinailangang masira upang maging makatotohanan ang labaan. Pagsapit ng 10:25 n.u., iwinagayway na ng mga Espanyol sa timugang bahagi ng Intramuros ang puting bandila bilang tanda ng kanilang pagsuko (Faust, 1899). Bandang alas kuwatro ng hapon ng araw ding iyon, iwinagayway na ang watawat ng EEUU sa *Fort San Juan*. Kasabay nito, inilipat ni Merritt ang kanyang himpilan sa *ayuntamiento* ng Maynila (Taylor, 1971).

Pinasok ng mga tropang Amerikano ang lungsod at dinisarmahan ang mga tropang Espanyol. Kinaumagahan, pormal na nilagdaan ng magkabilang panig ang *Articles of Capitulation* at itinatag na ng mga Amerikano ang kanilang Pamahalaang Militar sa bansa na pinangunahan ni Merritt bilang pinakaunang gobernador-militar (Faust, 1899).

Pagtatatag ng Pamahalaang Militar

Ang pagtatatag ng pamahalaang militar ng mga Amerikano ay batay sa pangkalahatang utos o *general instructions* ng Pangulong McKinley sa ipinadalang *American Expeditionary Forces* na pinangunahan ni Merritt. Sa utos na ito noong Mayo 19, ipinahayag ng Pangulo ang dalawang layunin ng pwersang Amerikano. Una, ang patuloy na pagpapahina sa pwersang Espanyol sa lungsod at pangalawa, ang pagkakaroon at pagpapanatili ng kaayusan at seguridad habang nasa ilalim ito ng pamamahala ng EEUU (Linn, 1989). Sasakupin ng pamahalaang ito ang daungan, lungsod, at look ng Maynila batay sa *Articles of Capitulation* (Otis, 1899). Ang pormal na pag-uusap sa magiging kalagayan ng Pilipinas ay magsisimula pagdating ng Oktubre at hahantong sa Tratado ng Paris sa Disyembre (Agoncillo, 1960). Kung kaya nga, matatantong sa kabila ng matagumpay na pagkakuha sa Maynila at pagtatayo ng pamahalaang militar, nananatili pa rin ang pagkilala sa pamahalaang Espanyol bilang pamahalaang *de jure*. Maiiba lamang ang *status* na ito pagkatapos lagdaan ang Tratado ng Paris at maratipikahan ito ng Lehislatura ng EEUU nang sumambulat ang Digmaang Pilipino-Amerikano.

Pasan ni Merritt ang tungkuling pangunahan ang pagtatayo ng pamahalaang kanya ngang isinulong sa pamamagitan ng isang proklamasyon noong Agosto 14, 1898 para sa mga Pilipino. Ayon sa kanya:

The Commander of the United States forces [Merritt] now in possession has instructions from his government to assure the people that he has not come to wage war upon them, nor upon any party among them, but to protect them in their homes, in their employments and in their personal and religious rights...The government established among you by the United States army is a government of military occupation (Faust, 1899, pp.103-104)

Dahil sa itinalaga ng pamahalaang EEUU, ang kapangyarihan ni Merritt bilang Gobernador-Militar ay absoluto. Nangangahulugan itong lahat ng utos at programang isusulong ay magmumula sa kanya

ngunit naaayon sa utos at patakaran ng pamahalaang EEUU sa kapuluan lalo at higit sa adhikain ng Pangulong McKinley na magkaroon sa Pilipinas ng isang “*benevolent and liberal*” na pamahalaan (Gates, 1937, p. 56).

Ang proklamasyong ito ang naging batayan ng mga programang isinulong at hakbanging tinahak ng pamahalaang militar. Tulad ng mga instruksyon at proklamasyong inilabas ng mga Amerikano sa kanilang mga karanasan sa Louisiana, Florida, at iba pang teritoryo noong Digmaang Mehikano, malinaw na binibigyang-halaga ng proklamasyon ang pagkakaroon ng kaayusan at katahimikan, paggalang sa mga batas at kaugalian ng mga dinatnang grupo ng tao, at ang “*benevolent intentions*” ng EEUU (Gates, 1937). Layunin ng pamahalaang militar na pangasiwaan ang pagsasaayos ng mga lokal na yunit ng pamahalaan. Nakapaloob sa tungkuling ito ang pagtatalaga ng mga Amerikanong opisyal na mamumuno sa mga importanteng posisyon sa pamahalaan. Tungkulin rin ng pamahalaang itong magsagawa ng mga hakbang upang mapanatili ang kapayapaan at kaayusan (Jose, 2000). Kinailangan ding asikasuhin ang pisikal na kalagayan ng lungsod kasama na ang kalinisan at katahimikan ng mga lansangan, hospital, at kulungan (Faust, 1899).

Bagama’t siya ang nagtatag at nagpasimula ng mga programa ng pamahalaan, kinailangang bumalik ni Merritt sa EEUU noong huling bahagi ng Agosto 1898 dahil sa pangangailangan sa kanyang kaalaman tungkol sa kalagayan ng bansang mahalaga sa gagawing pag-uusap ng EEUU at Espanya sa Paris pagdating Disyembre. Pinalitan siya ni Elwell Otis noong Agosto 29, batay sa *General Orders, No. 73* ng *US War Department* (Otis, 1899).

Larangang Pang-administratibo

Ipinagpatuloy ni Otis ang mga nasimulan ni Merritt sa kabila ng kakulangan niya ng kaalaman tungkol sa bansa. Pinagtuunang-pansin ni Otis ang pagsasaayos sa mga opisina ng dating hawak ng mga

Espanyol (Faust, 1899). Ang mga sundalong itinalaga ni Merritt bago ang paglisan ng mga tropang Pilipino sa mga lugar na hawak diumano ng mga Amerikano ay hindi makagalaw nang maayos dahil sa tensiyong nagaganap sa Maynila. Ang pamamaraang gagabay sa mga sundalo at pinunong Amerikano ay ipinahayag ni Merritt (batay sa instruksyon sa kanya ni McKinley noong May 1898) sa pamamagitan ng *General Order No. 3*. Sinabi sa utos na kailangang isaisip ng mga sundalong hindi sila pumarito sa Pilipinas bilang mga “*despoilers and oppressors*” ngunit bilang mga “*instruments of a strong, free government whose purposes are beneficent*” lalo pa at sila ay “*representatives of a high civilization.*” Binalaan din ang sinumang lalabag dito na parurusahan “*on the spot with the maximum penalties known to military law*” (Gates, 1937, p. 56). Ilan sa mga itinalagang pinuno ni Merritt na ipinagpatuloy ni Otis batay *General Order No. 4* ay ang mga sumusunod (Faust, 1899; Otis, 1899; Linn, 1989):

Opisyal	Tungkulin
Brig. Gen. Arthur MacArthur	Military Commandant, Walled City of Manila; Provost-Marshal-General, City of Manila, including all the outlying districts
Brig. Gen. F. V. Greene	Intendente-General de Hacienda
Col. C. A. Whittier	Collector of Customs and Chief Paymaster
Maj. Charles H. Whipple	Paymaster
Maj. R. B. C. Bement	Collector of Internal Revenue
Capt. Henry Glass	Captain of the Port
Brig. Gen. Thomas M. Anderson	To command the District of Cavite
Col. James Smith	Deputy Provost Marshal, districts North of Pasig River
Col. S. Ovenshine	Deputy Provost Marshal, districts of the city including Ermita and Malate, outside of the walled town and south of the Pasig River
Capt. Thomas R. Hamer	Judge, Inferior Provost Marshal

Marami sa mga pinunong ito ay may malalawak na karanasan sa pakikipagdigma partikular sa Digmaang Sibil, Digmaang Mehikano, Digmaang Indian at Digmaang Espanyol-Amerikano sa Caribbean. Si Merritt halimbawa, ay nagtapos sa West Point at naging aktibo sa Digmaang Sibil at Digmaang Espanyol-Amerikano. Si Hen. Arthur MacArthur na itinalagang *Military Commandant* at *Provost-Marshal-General* na nang lumaon ay gobernador-militar ng Pilipinas (1900-1901) ay naging bahagi ng 24th *Wisconsin Volunteers* sa Digmaang Sibil at nakipaglaban din sa Cuba. Si Hen. Thomas M. Anderson ay isang *career officer* ng *US Army* na nakibahagi sa Digmaang Espanyol-Amerikano sa Cuba. Si Hen. Otis naman, tulad nina Anderson at Col. James F. Smith, ay isang abogado bago pumasok sa *army*. Sa katunayan, nagtapos siya ng batas sa *Harvard Law School*. Naging aktibo siya sa *army* sa mga kampanya ng EEUU sa Digmaang Indian bilang *Lieutenant Colonel* ng 22nd *Infantry* partikular sa estado ng Montana (Faust, 1899; Otis, 1899; Linn, 1989; Gates, 1937; Wolff, 1961).

Bukod sa mga karanasang ito ng mga pinunong sundalo, makikita ring nagmula sa iba't ibang larangan ang mga sundalong bumubuo sa pwersang nagtungo sa Pilipinas dahilan upang maging epektibo ang mga patakarang pang-administratibong isinulong ng pamahalaan. Batay sa obserbasyon ng isang opisyal na Ingles sa panahong ito, ang pwersa ay binubuo ng mga sundalong

...drawn from every rank of society, lawyers, merchants, postal clerks, tradesmen, office hands of all descriptions, university men; and, indeed, it would be difficult to say what trade or calling is not represented. From amongst these men it was possible to draw fairly proficient officials (Younghusband, 1899, p. 53).

Ilang sa gawaing pang-administratibong pinagtuunan-pansin ng mga pinunong ito ang pagbabalik at pagpapanatili ng kapayapaan, pamamalakad-hudisyal, pagsasaayos ng pananalapi ng lungsod, kalusugan at pampublikong sanitasyon, at pampublikong sistema ng edukasyon.

Kapayapaan at Katahimikan

Magulo ang Maynila matapos ang kapitulasyon. Ang pamamahalaang sibil ng mga Espanyol ay naantala at tanging ang batas militar (*military law*) ang naipatupad. Maging ang mga gampanin ng konstabularyo ay nabinbin. Bagama't sumuko at nadis-armahan ang mga Espanyol, naroon pa rin ang kawalang-kaseguruhang hindi magkakaroon ng kaguluhan sa lungsod. Dahil dito, minabuti ni Merritt na italaga si MacArthur bilang *Provost-Marshal-General* (na di kalaunan ay hinalinhan ni Brig. Gen. R.P. Hughes) upang manguna sa pagsusulong ng kapayapaan at katahimikan sa lungsod at mga kalapit na distrito. Batay sa proklamasyon ni Merritt noong Agosto 14, hinati ang teritoryong hawak ng mga Amerikano sa mga sub-distrito at bawat isa ay pinamunuan ng isang *Deputy Provost Marshal*. Inatasan ang mga pinunong ito, kasama ng kani-kanyang mga tauhang hulihin at ikulong ang sinumang lalabag sa mga panuntunang iniatas ng pamahalaang militar. Sa mga kasong maaaring litisin, kinailangan ng mga sundalong ipadala ang mga akusado sa mga komisyong militar (Faust, 1899).

Sa huling bahagi ng Agosto, nakabuo ng isang *Superior Provost Court* samantalang noong Setyembre naitatag ang *Inferior Provost Court*. Ang dalawang korteng ito ang lumitis sa mga kasong sibil dahil ayaw ng mga dating hukom na Espanyol na magsilbi sa pamahalaang militar. Ang tangka naman ng pamahalaang buhayin ang mga korteng lokal ay hindi naging matagumpay dahil sa hindi pagpayag ng mga hukom na Espanyol na ito. Nagtatag rin ang pamahalaan ng isang *provost guard* na binubuo ng tatlong *regiment* na sundalo na nagsilbing *police detachment* na naatasang magpatrolya sa lungsod (Gates, 1937). Dahil sa mga hakbanging itong mapanatili ang kaayusan at katahimikan, iniulat ni Otis makalipas ang tatlong buwang inilagi ng pamahalaang militar na "...in so far as strictly military operations were concerned the passing period was devoid of excitement or apparent importance" (Otis, 1899, p. 42) at idinagdag pang

Manila was never more quiet; that order prevailed and that the native population of the city had been greatly augmented...; that the conduct of the

[American] troops was good, to a degree in fact that it was subject to favorable comment by the citizens, and that disorders were promptly punished, as the business transacted by the courts would show (Otis 1899, p. 44)

Pinapatunayan naman ito ni Faust na nagsabing “[f]rom the 20th of August [1898] to February 4th [1899], eight people had been shot in the city [and only]...a number of minor offences were treated, but the percentage of crime was no greater than other American cities of like size” (Faust, 1899, pp. 112-113).

Pamamalakad-hudisyal

Dagdag sa mga responsibilidad ng ilan sa mga pinunong militar na pangunahan ang kani-kanilang hukbo sa mga lugar na hindi pa tahimik, ang pamunuan ang pagsisiyasat sa mga kasong sibil at pangmilitar at ang pagbibigay ng hustisya ng mga *Military Tribunal* sa Maynila at mga kalapit na lugar. Dahil sa posibleng kaguluhang maganap sa pagbibigay ng makatarungang pasya, pinili ni Merritt na isuspinde muna ang mga gawaing hudisyal ng mga korte matapos ang pagtatatag ng pamahalang militar ngunit inatasan ang *Provost-Marshall-General* na magkaroon ng direktang hurisdiksyon sa mga kulungang nasa Maynila partikular ang Bilibid at *Presidio de Manila* na isang *penitentiary*. Noon lamang Oktubre 7, 1898 napagpasyahan ng mga opisyal ng Washington na ang mga batas na ipinapatupad ng pamahalaang Espanyol sa bansa ang pinayagang ipatupad sa mga Korteng Sibil hangga’t ang pagpapatupad sa mga ito ay hindi makakaapekto sa maayos na pamamahala ng pamahalaang militar (Otis, 1899).

Kaugnay rin dito ang apila ng mga presong Pilipino at Espanyol sa mga kulungan sa Maynila na umaabot ng 13,000. Isang malaking usapin ito dahil sa maraming mga presong Pilipino ang umaangking walang kasalanan. Marami diumano ang ikinulong dahil sa pagkakasangkot sa Himagsikang 1896. Marami ang nagsasabing sinamsam din ng mga Espanyol ang kanilang mga lupain matapos na ipakulong. Sa dami ng bilang ng mga ito sa mga kulungan, marami sa kanila ang nagkakasakit at ang iba naman ay nahahawahan na.

Mayroon ding ibang nakakatakas dahil sa kaguluhang nagaganap sa lungsod (Otis, 1899; Taylor, 1971). Pinakawalan naman ang 2,000 presong hindi pa nahahatulan dahil sa kawalan ng rekord-opisyal sa kasong isinampa laban sa kanila o kawalan ng sapat na ebidensiya (Gates, 1937). Pagsapit ng unang bahagi ng Oktubre 1898, mababasa sa ulat ni Otis na naging matagumpay ang hakbangin ng mga hukumang pinayagang magbukas at mag-operate tulad ng mga *military tribunal* na ayon sa kanya “...worked very satisfactorily and have been acceptable to the inhabitants because of concerned just administration and celebrity of action” (Otis, 1899, p. 36).

Pagsasaayos ng Pananalapi ng Lungsod

Kinailangan din ni Otis na pagtuunan-pansin ang pondong gagamitin. Dahil sa ang pinakabulto ng pondong nagmumula sa EEUU ay napupunta sa kampanyang militar, ipinag-utos ni Otis na suriin ang mga posibleng paraan upang makalikom ng karagdagang pondo (Otis, 1899).

Unang sinuri ang pondo ng mga Espanyol sa pag-iingat ng lungsod ng Maynila. Ang pondong ito ay magagamit sa pagsasagawa ng mga pagsasaayos sa mga opisina ng pamahalaan. Subalit nalaman ng mga Amerikanong mas malaki ang ginagastos ng pamahalaang panlungsod kaysa sa pondo nito. Nakasaad sa mga talaan ng paggastos na kadalasang mas marami sa kinakailangang armas ang binibili ng pamahalaan para sa kanyang sandatahang lakas sa puntong hindi nabibigyan ng pansin ang pondo para sa kalusugan at sanitasyon. Dahil dito, inatasan ni Otis si Maj. R. B. C. Bement na maging *Collector of Internal Revenue* upang mapag-aralan ang uri ng sistemang ipinapatupad ng mga Espanyol sa mga mamamayan at suriin kung maaari itong ipagpatuloy. Sa pagsusuri ni Bement, napag-alaman niyang ang mga uri ng buwis at iba pang bayarin ng taumbayan sa pamahalaang Espanyol ay batay sa maraming mga atas at dekreto ng nadadagdagan sa paglipas ng panahon. Ang pondo ng lungsod ng Maynila ay nanggagaling sa mahigit dalawampung uri ng buwis na kinokolekta. Naging pabigat ito sa mga tao sa kabila

ng ginhawang idudulot nito sa pamahalaan. Kaya't naging suliranin ni Bement ang maaaring ipatupad na pagbubuwis sa mga mamamayan. Halimbawa ang pagkolekta ng *railroad tax* at ang pag-iisyu ng *cedula personal* (Otis, 1899).

Sa atas ni Otis, sinagot ni Henry C. Cabell, *Military Secretary* ang suliranin ni Bement. Ayon sa sulat ni Cabell kay Bement noong Setyembre 15, 1898, sinasabi niyang hindi maaaring mangolekta ng *railroad tax* at mag-isyu ng *cedula* ang pamahalaang militar dahil sa hindi kumbinsido si Otis na "...the United States Government has the right to collect it" (Otis, 1899, p. 31). Dagdag sa dahilang ito ang paniniwala ni Otis na ang pagbabayad ng *cedula* bagama't magbibigay ito ng humigit-kumulang \$4,000,000 taun-taon, ay naging pabigat sa mga Pilipino at naging batayan ng kanilang paghihimagsik. Dahil dito, ang tanging napagkunan ng pamahalaang militar sa kanyang mga gastusin bukod sa konting inilalaan para sa mga pwersang Amerikano, ay ang mga pondo ng *Cortez* na nakalagak sa mga bangkong lokal sa lahat ng panig ng bansa (Otis, 1899).

Para sa posibleng pondong makukuha, hinikayat din ng pamahalaan ang pangangalakal. Sa kabila ng banta ng mga rebolusyonaryong maaaring makuha ang mga barkong kinalalagyan ng mga kalakal, binigyang-seguro ng pamahalaan ang proteksyon ng mga barkong pangalakal sa paglabas at pagpasok sa mga daungan ng mga isla. Kinailangan lamang ang pag-aayos ng mga papeles ng mga barko upang maging "malaya" sa pakikipagkalakalan. Kinakailangang ipakita sa mga Amerikanong inspektor sa bawat daungan ang mga papeles na nagsasaad na ang barkong may dala ng kalakal ay hindi hawak ng mga rebolusyonaryo. Ang mga pumapasok na mga barkong pangalakal ay pinapatawan ng mababang buwis upang makadagdag sa pondo ng pamahalaan. Subalit nagpatuloy ang banta ng mga rebolusyonaryo sa larangang ito partikular sa mga daungan ng Iloilo at Cebu kung saan malakas ang pwersang Pilipino. Kung kaya nga, binibigyang-babala ng pamahalaan ang mga mangangalakal na maging maingat sa paglalakbay (Otis, 1899).

Bunga ng ganitong mga patakaran, iniulat ni Otis isang taon matapos ang pagkakatatag ng pamahalaang militar na nakalikom sila ng \$8, 239,435 kung saan \$7,790,692 mula rito ay mula lamang sa *customs*. Ang nasabing halagang nakolekta ay sumapat para sa mga gastusing pangmilitar at pang-administratibo sa loob ng isang taon (Agosto 1898-Agosto 1899). Sa katunayan, may nalalabi pang \$1,364,085.39 pagdating ng Agosto 31, 1899 (Otis, 1899, p. 160).

Kalusugan at Pamublikong Sanitasyon

Naging abala rin ang pamahalaan sa pagtuturo ng kalinisan sa katawan at kapaligiran na ayon sa kanilang obserbasyon ay kulang sa mga Pilipino at hindi isinaalang-alang ng mga Espanyol. Ang pagbibigay-diin sa kalinisan bagama't tinanggap ng mga Pilipino ay hindi madaling naipatupad ng mga Amerikano dulot na rin ng kaibhan ng uri ng pamumuhay (Faust, 1899).

Itinalaga si Maj. Frank S. Burns, Chief Surgeon, bilang pinuno ng *Board of Health* na nagsiyasat sa kalagayang pangkalusugan. Nakapaloob sa sangay na ito ang *Department of Sanitation*. Naglagay si Maj. Burns ng mga Inspektor Pangkalusugan sa lungsod at mga kalapit-lugar na hinati sa sampung distrito. Nagtalaga rin ng mga *municipal health official*, mga doktor at kumadrona. Ininspeksyon ng kagawaran ang lahat ng mga establisimiyentong maaaring makapagdulot ng sakit tulad ng mga pamilihan at katayan (Gates, 1937).

Napag-alaman ng kagawaran na bulutong-tubig ang isa sa mga pinakalaganap na sakit sa lungsod. Kung hindi nagagamot ang sakit ay maaaring lumalala, isang bagay na kinatatakutan ng mga Amerikanong hindi sanay sa klima at kapaligirang tropikal (Faust, 1899). Noong Nobyembre 1898, nagkaroon ng maraming kaso ng naturang sakit sa mga sundalong Amerikano at presong Espanyol dahilan upang bakunahan ang 13,000 presong Espanyol sa loob ng tatlong linggo. May labindalawang Pilipinong *vaccinator* naman na

umikot sa buong lungsod upang bakunahan ang mga mamamayan. Umabot ng mahigit 80,000 ang binakunan dahil sa pagputok ng epidemya ng bulutong-tubig (Gates, 1937). Bukod dito, mayroon ding iba't ibang uri ng lagnat tulad ng tipus. Kaya't sa pagpasok ng mga Amerikano sa Maynila, nagpalabas ang *Deputy Surgeon-General* Lippincott ng serye ng mga atas na nagsasaad sa tamang paraan upang makaiwas sa sakit. Ilan sa mga ito ay ang pagpapanatiling malinis ang katawan at kapaligiran partikular ang mga *moat* na nakapaligid sa Intramuros na kadalasang pinanggagalingan ng mga lamok na nagdudulot ng sakit (Faust, 1899). Nilinis din ng mga sundalo ang mga tubong dinadaan ng tubig papasok ng Maynila upang hindi ito pagmulan ng sakit, gayundin ang kapaligiran ng lungsod na nagtataglay ng dumi at basurang natipon sa mahabang panahong walang maayos na sistemang pangkalusugan (Gates, 1937).

Pampublikong Sistema ng Edukasyon

Batid ng mga Amerikanong ang pananagumpay na sakupin ang mga Pilipino ay hindi lamang nababatay sa lakas ng kanilang kakayahang pangmilitar. Higit dito, kailangang makuha ang pag-iisip ng mga Pilipinong mapasunod sa mga patakarang kanilang ilulunsad. Kung kaya, pinagtuunan nila ng pansin ang pagkatuto ng mga Pilipino na naging pundasyon ng pampublikong sistema ng edukasyon sa bansa.

Sa kabila ng maraming paaralang nagsara sa panahon ng kaguluhan ay nasa hindi maayos na kondisyon, malinaw sa pang-anim na bilang ng proklamasyon ni Merritt para sa mga Pilipino ang tunguhing pang-edukasyon ng mga Amerikano. Ayon dito:

All churches, and places devoted to religious worship and to the arts and sciences, all educational institutions, libraries, scientific collections and museums, are, so far as possible, to be protected, and all destruction or intentional defacement of such places or property, of historical monuments, archives or works of science, is prohibited, save when required by urgent military necessity. Severe punishment will be meted out for all violations of this regulation (Faust, 1899, p. 104).

Inatasan ni Merritt ang *chaplain* ng 1st *California Volunteers* na si Father W. D. McKinnon na buksan ang mga paaralan sa Maynila. Noong Setyembre 1, 1898, pitong paaralan ang naorganisa sa lungsod. Batay sa patakaran ng pamahalaan, marami sa mga asignaturang itinuro at pamamaraan ng pagtuturo ay tulad din sa panahon ng mga Espanyol maliban lamang sa paggamit ng Ingles bilang wikang panturo at ang pagtanggap sa mga paksang pangrelihiyon. Dahil sa hindi makakuha ng mga Pilipinong guro, minabuti ni Fr. McKinnon na atasan ang ilang mga sundalong Amerikanong magturo. Nakakuha ng suporta si Fr. McKinnon mula sa mga magulang at maging sa mga Katolikong orden kaya't mula sa pitong paaralang binuksan noong una ay umabot ito ng 39 na may 3,700 mag-aaral na kinabibilangan ng mga Pilipino, mestizo at Espanyol (Lacuesta, 1958; Gates, 1937).

Reaksyon ng mga Pilipino

Hindi naging madali para sa mga Amerikanong maipaunawa at mapasunod agad ang mga Pilipino sa kanilang mga patakaran. Bagama't naging positibo ang pagtingin ng mga Pilipino sa mga hakbang pangkalusugan at pang-edukasyon, may mga pagkakataon pa ring nagkakaroon ng di magandang pagtugon dito lalo na sa pananaw ng maraming Pilipinong dumating ang mga Amerikano upang sakupin ang bansa. Matatanto nga ang layuning sumakop ng EEUU dahil sa pagtatayo ng pamahalaang militar ng mga Amerikano sa kabila ng pagpupumilit ni Aguinaldong kilalanin ng mga Amerikano ang pamahalaang Pilipino (Agoncillo, 1960; Kalaw, 1969). Dulot nito, hindi maaaring magtuon lamang ang pamahalaang militar sa mga gampaning pang-administratibo kundi maging sa pakikipag-ugnayan nito sa mga rebolusyonaryo.

Larangang Pandiplomatiko

Matatanto sa larangang ito ang dalawang mukha ng pamahalaang militar: sa mga pagkakataong kailangang humingi ng pabor, kinikilala nito ang pamumuno ni Aguinaldo subalit bingi naman

kapag inihahapag nina Aguinaldo ang kanilang kahilingang kilalanin ng mga Amerikano ang pamahalaang Pilipino. Bunga nito, nabigo ang pamahalaang militar na mapigilan ang Digmaang Pilipino-Amerikano.

Dalawahang Pag-okupa at Paglikas ng mga Rebolusyonaryo

Una sa manipestasyong ng dalawang mukhang ito ng pamahalaan ang usapin sa dalawahang pag-okupa sa Maynila. Bagama't pinili ni Aguinaldo na magbase sa lalawigan ng Cavite pagdating niya noong Mayo 1898, mayroong tropang rebolusyonaryong handang kumubkob sa Maynila sa sandaling maging angkop ito (Agoncillo, 1960). Sa ulat ni Otis noong 1899, sinasabi niyang kasama ng mga tropang Amerikano ang mga rebolusyonaryo sa pagpasok sa Maynila noong Agosto 13, 1898 na naging dahilan upang okupahin ng mga ito ang timugang bahagi ng lungsod (Faust, 1899).

Subalit hindi ipinaalam ng mga Amerikano ang napag-usapan nang "labanan." Maging nang matapos ito, hindi pa rin pinahintulutan ng mga rebolusyonaryong kontrolin ng mga Amerikano ang mga lugar sa Maynila na hawak nila (Agoncillo, 1960). Ang dahilan ng mga rebolusyonaryo ay una, naging kakampi sila ng mga Amerikano bago pa man ang pagkuha sa lungsod, at pangalawa, upang magkaroon ng estratehikong posisyon sa loob ng lungsod sa sandaling pilitin ng Espanyang manatili sa kapuluan. Dahil dito, minabuti ni Merritt na konsultahin ang mga opisyal sa Washington. Makalipas ang apat na araw, dumating ang sagot na nagsasabing: "*no joint occupation of the city, bay, and harbor with the insurgents; that they and all others must recognize the military occupation and authority of the United States*" (Taylor, 1971, p. 32). Bunga ng ganitong instruksyon, nagkaroon ng pagpapalitan ng liham sina Merritt at Aguinaldo upang maayos ang posibleng pagtaas ng tensiyon sa pagitan ng tropang Amerikano at Pilipino. Nagkaroon din ng tatlong pag-uusap sa pagitan ng mga tauhan ni Aguinaldo at ni Merriitt hinggil sa usaping ito (Otis, 1899). Gayunpaman, habang wala pang pinal na napag-

uusapan tungkol dito, kinailangan nang bumalik ng EEUU si Merritt upang ipaalam sa mga Komisyoner na Amerikano sa magiging Tratado ng Paris ang tungkol sa mga kaganapan sa Pilipinas. Pinalitan siya ni Otis noong Agosto 29, 1898 (Agoncillo, 1973).

Dahil sa kakulangan ng kaalaman tungkol sa mga nagaganap sa Pilipinas, mahigit isang linggo pa ang lumipas bago masagot ni Otis ang pagpupumilit ni Aguinaldo na sa panahong ito ay nagbase na sa Malolos, Bulacan, para sa dalawahang pag-okupa. Sa liham na ito, makikitang bukod sa hindi kinilala ni Otis ang posisyon ni Aguinaldo bilang pangulo kundi bilang pinuno lamang ng pwersang Pilipino (*The Commanding General of the Philippine Forces*), walang kahit isang hiniling si Aguinaldo na pinagbigyan ni Otis. Batay sa kanyang liham kay Aguinaldo noong Setyembre 8, 1898:

The United States Government...obligated itself to insure the safety of the lives and property of the inhabitants of the city to the best of its ability.... [T]he affairs of the entire city corporation must be administered from a common center. The trust accepted by my Government from those who surrendered actual possession confers a discretionary power, which can neither be shared nor delegated.... [I]t is evident that neither in law or morals can the concessions be made... I...am not to accede joint occupation of the city and suburbs of Manila... (Otis, 1899, pp. 6-9).

Hindi nagtatapos dito ang pagiging arogante ng liham ni Otis na tinawag ang sarili bilang *United States Military Governor in the Philippines*. Mayroon pang babala para sa tropa ni Aguinaldo. Ayon sa kanya, kung hindi susunod sina Aguinaldo sa ganitong patakaran, mapipilitan ang pwersang Amerikano na gumamit ng lakas: *"I shall be obliged to resort to forcible action, and that my government will hold you responsible for any unfortunate consequences which may ensue"* (Otis, 1899, p. 9).

Dulot nito, nagpadala si Aguinaldo sa Maynila ng isang komisyon upang hilinging bawiin ni Otis ang kanyang banta at sa halip, ay hilingin na lamang sa mga pwersang Pilipino na lisanin ang mga lugar sa Maynila na kontrolado ng mga ito. Subalit nagmatigas si Otis at sinabing hindi niya babawiin ang kanyang pahayag sa sulat (Otis, 1899).

Sa ganitong pangyayari, minarapat ni Aguinaldo na sundin ang kautusan ng pamahalaang militar at palikasin ang mga tropang rebolusyonaryo mula sa lungsod at mga kanugnog-lugar maliban sa isang distrito. Hiniling niyang sa paglikas na gagawin, pahintulutan silang dumaan sa Luneta dala ang kanilang mga armas. Sa pagtatasa ni Faust (1899), ang maaaring dahilan ng hakbang na ito ay upang hindi bumaba ang moral ng mga rebolusyonaryo: sumunod sila sa utos ng mga Amerikano subalit tagumpay pa ring maituturing ang pagtapak sa Luneta na kinamatayan ng kanilang mga kababayan sa kamay ng mga Espanyol. Ang hakbang ring ito nina Aguinaldo ay isinakatuparan upang magkaroon ang mga rebolusyonaryo ng sapat na panahong maghanda lalo na't kulang pa ang kanilang armas para sa labanan (Villanueva, 1952). Nangyari ang paglisang ito noong Setyembre 14, samantalang Setyembre 15 naman ang itinakdang *ultimatum* ni Otis (Otis, 1899). Pinahintulutan ni Hen. Ovenshine, ang pinunong Amerikano sa Ermita at Malate ang kahilingang ito kaya't sa umaga ng Setyembre 14, nagsimula nang magmartsa ang mga rebolusyonaryo sa Luneta habang nakamasid naman ang mga tropang Amerikanong malapit dito. Dumaan ang mga ito sa *Calle Real* at *Calle San Luis* sa pangunguna ni Col. Callis habang tumutugtog ang kilalang banda ng Pasig na binubuo ng 90 musikero. Habang nagaganap ito, malakas naman ang sigawan ng *Wyoming Regiment* (Faust, 1899). Nang sumunod na araw, nagpadala si Aguinaldo ng liham kay Otis upang ipaalam ang pangyayaring ito (Otis, 1899).

Gayunpaman, hindi nilisan ng mga rebolusyonaryo ang Paco at Pandacan dahil sa kaangkupang pangmilitar ng lokasyon nito na malapit sa Ilog Pasig. Ito ang dahilan upang ipag-utos ni Otis kay Lt. Col. Potter, hepe ng *Corps of Engineers* na muling pag-aralan at ayusin ang mapa ng Maynila upang maging malinaw kung kasama ba sa kinakailangang lisanin ng mga rebolusyonaryo ang mga distritong nabanggit (Otis, 1899). Matapos ang pagsusuri, bagama't kulang pa rin sa dokumentong magpapatunay na bahagi nga ng *arrabales* ng Maynila ang Pandacan, ipinag-utos muli ni Otis sa kanyang liham

noong Oktubre 14, 1898 sa pwersa ni Aguinaldo na lisanin ang Paco at Pandacan (Taylor, 1971). Dahil dito, ipinadala ni Aguinaldo ang kanyang tatlong kinatawang pinangunahan ni Trinidad Pardo de Tavera upang iharap ang pangangailangang hindi nila lisanin ang mga naturang lugar. Kinilala ni Tavera si Otis bilang *Military Governor of the United States Forces in the Philippines*. Sinabi nitong aalis ang mga tropang Pilipino sa mga teritoryong dapat ay hawak ng mga Amerikano batay sa linya ng demarkasyon sa bagong mapang ginawa subalit hindi ang Pandacan. Hiniling din ni Tavera na bigyan ng mas mahabang palugit ang mga Pilipinong lisanin ang mga lugar na sinasabi ni Otis. Subalit katulad ng naunang mga kahilingan ng *Revolutionary Government of the Philippines* (sa kauna-unahang pagkakataon, ginamit ang terminong ito ni Aguinaldo sa kanyang liham kay Otis noong Oktubre 22, 1898), iisa ang naging tugon ng pamahalaang militar: *“all the concessions requested were denied”* (Otis, 1899, p. 18). Nangako si Aguinaldo kay Otis na lilisanin ang Pandacan at naganap nga ito noong Oktubre 25 (Otis, 1899).

Usapin tungkol sa mga Bihag ng Digma

Naging malaking usapin din ang tungkol sa mga bihag ng digmaang nasa kamay ng mga rebolusyonaryo. Ang usaping ito ay napunta sa atensyon ng mga maykapangyarihan sa Washington dahil sa presyur mula sa mga Katoliko sa EEUU at maging sa mga petisyon ng Vatican at Roma (Taylor, 1971). Ang mga ito ay mapapangkat sa dalawa: una ang mga madre, kababaihan at kabataan, at pangalawa, ang mga prayle at opisyal sibil sa pamahalaang Espanyol. Sa liham ni Otis kay Aguinaldo patungkol dito, makikitang iba na sa dating arogante ang tono nito. May tonong hindi siya naniniwala sa mga “paratang” ng kanyang mga kababayan at iba pa tungkol sa kalupitan ng mga rebolusyonaryo sa kanilang mga bihag. Sa kanyang liham noong Nobyembre 2, 1898, ganito ang kanyang sinasabi:

I believe that a vast majority of the reports of great cruelty and barbarous treatment practiced by the Filipinos toward these individuals [Spanish Catholic clergy and nuns] which have been put in general circulation are

untrue. ...I have informed the United States authorities that many rumors of this nature in circulation throughout the civilized world were greatly exaggerated... Confident that you seek the welfare of your people, may I in that confidence ask you to use your conceded influence to correct this condition of affairs and to act with me in efforts to place these prisoners in a position which will put an end to the acrimonious criticisms which now so widely prevail? (Otis, 1899, pp. 22-23)

Sinagot ito kinabukasan ni Aguinaldo at ipinaliwanag na “*we do not make prisoners of women and children, and much less of the nuns*” (Otis, 1899, p. 23). Ayon sa kanya, kung mayroon mang babae at batang napabilang sa kanilang mga binihag, ito ay dahil sa bahagi sila ng isang pamilya. Nilinaw din ni Aguinaldo na tama ang asersyon ni Otis na batay sa batas pandaigdaig hindi maaaring maging bihag ng digma ang mga prayle at mga opisyal na sibil na nagsilbi sa panahon ng mga Espanyol subalit binigyang-diin niya na marami sa mga ito ay naging instrumental sa paghihirap ng mga Pilipino. Hindi nila papalayain ang mga opisyal na sibil dahil:

... at the beginning of the declaration of war between the United States and Spain, they were obliged by General Agustin to bear arms, without distinction to class, and even before, during the first stages of the Philippine Revolution, Spanish civil officials were already formed into armed volunteer corps who, if they did not frequently go into the field in company with the regular soldiers, shot and arrested defenseless and pacific inhabitants in order to imprison them and submit them to indescribable torture (Otis, 1899, pp. 23-24).

Sa mga prayle, sinasabi ni Aguinaldo na ang mga ito ay nagkamal ng naglalakihang mga lupaing nagpahirap nang matindi sa mga Pilipino sa mahabang panahon.

For this reason, it is a widely known and notorious fact... that the primary causes of the Philippine revolution were the ecclesiastical corporations which, taking advantage of the corrupt Spanish government, have robbed the country, preventing progress and liberty (Otis, 1899, p. 24).

Umapila pa si Otis kay Aguinaldo sa pamamagitan ng sulat pagdating ng Nobyembre 10, 1898. Inulit niya ang kanyang kahilingang palayain na ang mga bihag. Subalit hindi pinagbigyan ni Aguinaldo ang kahilingang ito (Otis, 1899).

Sa puntong iyon, naging malinaw sa pamahalaang militar na gaano man ang paghiling nila kay Aguinaldo, pinal na ang pasya nito. Sa ulat ni Otis sinasabi niyang:

I had been reliably informed that Aguinaldo contemplated, or had promised influential Filipinos to release the minor civil officials, but that the temper of the people was such that he could not let go the members of the religious orders held in captivity. I also had an impression that he would not keep his reported promise with regard to the Spanish officials, but intended to hold them for certain purposes, the chiefest of which were to secure large money considerations and European action tending to the recognition of his government (Otis, 1899, p. 29).

Bagama't hindi pinagbigyan ni Aguinaldo, makikita namang nagbago ang pakikitungo ni Otis sa kanya, mula sa pag-uutos (*order*) batay sa pahayag ni Aguinaldo noong Enero 6, 1899 (sa pagtatasa ni Linn (1989), "*hasty and undiplomatic*"), napilitan itong maghain ng kahilingan (*request*) tungkol sa pagpapalaya ng mga bihag ng digma (Faust, 1899).

Ang Benevolent Assimilation Proclamation at Usapin sa Iloilo

Samantala, habang nagaganap ang mga pag-uusap na ito, aktibo naman ang kampanya ng mga Pilipinong kilalanin ng ibang mga bansa lalo na ang EEUU ang kakanyahan ng mga Pilipinong pamunuan ang sarili. Ipinadala ni Aguinaldo si Felipe Agoncillo noong Agosto 30, 1898 sa Washington upang kausapin ang Pangulong McKinley at ihapag ang kalagayang pulitikal ng bansa subalit hindi rin nagkaroon ng magandang resulta ang misyon ni Agoncillo. Tanging ang pagpunta niya sa Paris ang maaaring daan upang mahayag ang kagustuhan ng mga Pilipinong makapagsarili. Sa Paris gaganapin ang pag-uusap ng mga kinatawan ng EEUU at Espanya tungkol sa magiging kahirinatnan ng Pilipinas. Subalit hindi binigyang-pagkakataon si Agoncillo na humarap sa pagpupulong. Napagpasyahan ng dalawang panig na lilisanin na ng Espanya ang Pilipinas at ililipat na nito ang soberanya ng kapuluan sa kamay ng EEUU, kasama ng ilan pang mga probisyon sa Tratado ng Paris na naganap noong Disyembre 10, 1898 (Agoncillo, 1960). Ang posibilidad

na ma-*annex* sa EEUU ang Pilipinas ay nakarating sa mga Pilipino, dahilan upang tumaas pa ang tensyong namumuo sa pagitan ng mga tropang Pilipino at Amerikano (Faust, 1899).

Kaugnay ng kasunduang itong kinakailangan pang ratipikahan ng Kongreso ng EEUU, inilabas ni McKinley noong Disyembre 21 ang kanyang mga instruksyong naglalaman sa patakarang gagawin sa Pilipinas sa pamamagitan ng pamahalaang militar na kilala bilang *Benevolent Assimilation Proclamation*. Sa proklamasyong ito, ang pagpapabagsak ng mga Amerikano sa sandatahang pandagat ng Espanya at ang pag-okupa sa Maynila “*had practically effected the conquest of the Philippine Islands.*” Dagdag dito, ipinahayag niyang “*the actual occupation and administration of the entire group of the Philippine Islands becomes immediately necessary*” kung kaya nga ipinag-utos niya sa pamahalaang militar na palawakin pa ang kapangyarihan nito subalit sa pagsasakatuparan nito, kinakailangang makuha ng hukbong Amerikano ang paggalang at pagtitiwala ng mga Pilipino. Sa paraang ito, maipapakita sa mga Pilipino ang kabutihang-loob at ang “*mission of the United States is one of benevolent assimilation, substituting the mild sway of justice and right for arbitrary rule*” (Faust, 1899, pp. 117-118; Linn, 1989, p. 30).

Pinagtibay ng proklamasyong ito ang pagsasantabi ng pamahalaan Amerikano sa posibilidad na kilalanin pa ang kasarinlan ng Pilipinas, bukod pa sa maaaring paggamit ng dahas sa mga Pilipinong ayaw sumunod. Dahil sa bigat ng mga salitang nakapaloob sa proklamasyon, ipinasya ni Otis na iredit ang ilang bahagi nito lalo na ang paggamit ng mga salitang “*sovereignty*” at “*right of cession.*” Inilabas ni Otis ang binagong proklamasyon makalipas ang dalawang araw (Otis, 1899, p. 67).

Samantala, unti-unting lumalakas ang pwersa ng mga Pilipino sa iba’t ibang panig ng kapuluan. Batay nga sa palitan ng ulat na natanggap ni Otis mula sa larangan, malaking bahagi ng kapuluan ang kontrolado ng mga rebolusyonaryo (Faust, 1899). Kabilang dito

ang Iloilo kung saan nagtungo at nagtayo ng depensa ang huling Gobernador-Heneral na Espanyol na si Diego de los Rios. Malakas ang pagnanais ng mga tao sa lugar na makapagsarili. Kaya't sa pangunguna nina Martin Delgado at Quintin Salas, nag-alsa na rin ang mga taga-Iloilo. Sa kaguluhang ito minabuti ni de los Rios na ibigay na sa EEUU ang pamumuno sa lugar. Disyembre 27 naman nang iulat ni Lt. Col. Charles L. Potter kay Gen. Marcus Miller, ang pinuno ng ipinadalang pwersang Amerikano sa Iloilo, na napasok na ng mga rebolusyonaryo ang kabisera ng Panay ay nagtayo ng sariling pamahalaang magiging kinatawan ng pamahalaan ng Malolos sa Visayas (Linn, 1989). Kinaumagahan lamang dumating ang barkong *Baltimore* nina Miller na lulan ang *Iowa Regiment*. Bagama't gusto nang sakupin ni Miller sa kahit na anong paraan ang lugar, hindi ito pinahintulutan ni Otis lalo pa at iniulat ng una na madali ang gagawing pagsakop subalit marami ang madadamay. Ang naging solusyon na lamang ni Miller ay makipagnegosasyon sa mga pinuno ng pamahalaang binuo sa lugar. Subalit wala ring nangyari dito. Dahil dito, ipinag-utos ni Otis na magpamahagi na lamang muna sa mga tao ng proklamasyon ni McKinley. Ang problema, ang orihinal na bersyon ang ipinamahagi ni Miller, dahilan upang lalong umigting ang pagsagka ng mga rebolusyonaryo sa pagpasok ng mga Amerikano (Otis, 1899). Nang makakuha ng orihinal na kopya ang mga rebolusyonaryo sa Iloilo, nagpadala ang mga ito ng kopya kay Aguinaldo. Upang hindi na gumawa ng gulo ang hakbang na ito ni Miller, naglabas ng paglililaw tungkol sa proklamasyong ito si Otis noong Enero 4, 1899. Ang pahayag na ito ni Otis na bagama't para sa sangkaPilipinuhan (*To the People of the Philippine Islands*), ay matatantong para higit sa lahat sa atensyon ng pamahalaang Pilipino sa Malolos. Mababanaag sa pahayag na ito na nahahati si Otis sa dalawang magkasalungat na panig: ang sundin ang mga atas ni McKinley na sakupin ang buong kapuluan at ipakita na ang soberanya nito ay hawak na ng EEUU at ang pagnanais na mapigilan ang napipintong digmaan. Ilang bahagi ng kanyang pahayag ay ganito ang sinasabi:

...the United States forces came here to destroy the power of that nation and to give the blessings of peace and individual freedom to the Philippine people; that we are here as friends of the Filipinos; to protect them in their homes, their employments, their individual and religious liberty, and that all persons who, either by active aid or honest endeavor, cooperate with the Government of the United States to give effect to these beneficent purposes, will receive the reward of its support and protection... [T]he mission of the United States is one of beneficent assimilation... (Otis, 1899, pp. 68-69).

Sa kabila nito, maliban sa pagbatikos ni Antonio Luna, editor ng *La Independencia* sa proklamasyon ni McKinley, naglabas pa ng tugon si Aguinaldo tungkol sa proklamasyong ito noong Enero 5, 1899. Bahagi ng kanyang tugon, sinasabi niyang

The government of the Filipinos has concluded that it is obliged to expound the reasons for the breaking off of friendly relations with the army of the United States in these islands.... My government cannot remain indifferent in a view of violent and aggressive usurpation of its territory by a people who claim to be the champions of liberty, and so it is determined to begin hostilities if the American forces intend to get, by force, the occupation of Visayas. I denounce these transactions before the world in order that the universal conscience may give its inflexible decision. Who are the manslaughters of humanity? Upon their heads be all the blood that will be wasted! (Faust 1989, p. 119)

Mayroon ding suplemental sa pahayag na ito ni Aguinaldo na inilathala sa *El Herald de la Revolucion* para sa mga Pilipino. Nang mabasa ito ni Otis, batid niyang deklarasyon na ito ng digmaan. Ilan sa mga payahag ni Aguinaldo ay ang sumusunod:

The Gen. Otis called himself in the said proclamation [proklamasyon ni Otis noong Enero 4, 1899] military governor of the Philippine Islands. I protest one and a thousand times, with all the energy of my soul, against such authority... I protest against [the] unexpected act of sovereignty of the United States in these islands..." (Otis, 1899, pp. 78-79).

Negosasyon Bago ang Digmaang Pilipino-Amerikano

Dulot ng mga kaganapang ito, minabuti ni Otis na mapanatili ang kapayapaan sa pamamagitan ng mga negosasyon. Inatasan ni Aguinaldo na maging bahagi ng komisyong sa panig ng mga Pilipino sina Florentino Flores, Eufracio Flores, at Manuel Arguelles na batay sa liham ni Aguinaldo kay Otis noong Enero 9, ay may layuning

ikatawan siya sa negosasyon “*with the object of using such methods as will normalize the actual situation created by the attitude of your Government and troops...and that will insure the peace and harmony among ourselves...*” (Otis, 1899, p. 80).

Sinagot ito ni Otis sa parehong araw. Pinahintulutan niyang maging kasapi ng komisyon sa panig ng mga Amerikano sina Brig. Gen. R.P. Hughes, Col. James S. Smith, at Lt. Col. E. H. Crowder (Taylor, 1971) subalit nilinaw niya sa kanyang liham kay Aguinaldo na “*I have not the authority to recognize any national or civic power not already formally recognized by my Government* (Otis, 1899, p. 81).” Nagsimula ang anim na mga pag-uusap na ito noong Enero 11. Ang huli na naganap noong Enero 28, katulad ng mga nauna, ay wala ring kaaya-ayang resulta. Hindi nagkasundo ang dalawang panig sa mga konsesyong hinihiling at ipagkakaloob ng bawat isa (Otis, 1899). Ang orihinal na paksa ng mga pag-uusap ay upang talakayin ang mga hinaing ni Aguinaldo hinggil sa okupasyong Amerikano sa bansa subalit humantong ito sa paksang may kinalaman sa mga magiging lagay ng Pilipinas sa gitna ng nagbabanggaang interes ng pamahalaang militar at ang pamahalaang Pilipino. Sa unang pag-uusap inihapag ng mga Pilipinong Komisioner ang ilang mga hinaing ng mga Pilipino. Bagama’t walang malinaw na napagkasunduan tungkol sa mga ito, dumako ang pag-uusap sa pinaka layunin ng mga Pilipino: ang pagkilala ng EEUU sa absolutong kasarinlan (*absolute independence*) ng Pilipinas. Subalit tinugunan ito ng mga Amerikano na walang karapatang adhikain ito ng mga Pilipino dahil ang mga Amerikano ang nakatalo sa Espanya. Sa kabila nito, ipinilit ng mga Pilipino ang pagkilala lalo pa at nasa proseso na ang pamahalaang Pilipino ng paggagawa ng Saligang-Batas at Hudikaturang sangay ng pamahalaan. Nang tanungin ng mga Amerikano kung ang absolutong kasarinlan ba ay nangangahulugang paglisan ng mga Amerikano sa Pilipinas, sinagot ito ng mga Pilipino na hindi; nais nga nilang mapasailalim ang bansa bilang *protectorate* ng EEUU subalit hindi naman naipaliwanag ng mga Pilipinong Komisioner kung ano ang

magiging takbo ng pamahalaang Pilipino kung sakali ngang maging *protectorate* ito ng EEUU (Gleeck, 1998).

Nang sumunod na pag-uusap nilinaw ng mga Pilipinong Komisyoner na ang adhikain ng mga Pilipino ay kasarinlan na maaaring magkaroon ng ilang restriksyong magdedepende sa mapagkakasunduan ng EEUU at pamahalaang Pilipino. Subalit ang pinakamahalaga sa puntong iyon, ayon sa kanila, ay kilalanin ng mga Amerikano ang pamahalaang itinatag ni Aguinaldo. Bilang tugon, sinabi ng mga Amerikanong Komisyoner na hindi ito maaari dahil ang tanging utos ng Washington kay Otis ay piliting huwag magkaroon ng armadong paglalaban. Dahil dito muling binigyang-diin ng mga Pilipinong Komisyoner na gagawin lahat ng mga Pilipino para lamang mapatalsik ang isa na namang bansang sasakop sa kanila (Gleeck, 1998). Hindi rin nagkaroon ng magandang resulta ang mga sumunod na pag-uusap (Agoncillo, 1960).

Noong Enero 26, nakatanggap si Otis ng sulat mula kay Aguinaldo na nagpapatid sa kanya sa pagkakatatag ng Republika sa Malolos. Idinagdag ni Aguinaldo na:

And, taking the liberty to notify your excellency, I confidently hope that, doing justice to the Philippine people, you will be pleased to inform the Government of your nation that the desire of mine, upon being accorded official recognition, is to contribute to the best of its scanty ability to the establishment of a general peace (Taylor, 1971, p. 165)

Bagama't nagkaroon ng isa pang pag-uusap noong Enero 28, wala ring positibong resultang napagkasunduan. Makalipas lamang ang isang linggo, sa gabi ng Pebrero 4, 1899, sumambulat na ang Digmaang Pilipino-Amerikano.

KONKLUSYON

May iba't ibang hamong kinaharap ang pamahalaang militar ng mga Amerikano nang itayo ito sa bansa matapos ang kunwa-kunwariang labanan sa pagitan ng Espanya at EEUU noong Agosto

13, 1898 hanggang bago ang Digmaang Pilipino-Amerikano. Hindi naging madali para sa unang mga pinuno ng pamahalaang patakbuhan nang maayos ang pamahalaan. Kinailangan nilang maging maalam sa mga pamamaraan ng panloob na administrasyon ng pamahalang iniwan ng mga Espanyol. Kasama na rito ang pagpapanatili ng kapayapaan at katahimikan, pamamalakad-hudisyal, pagsasaayos ng pananalapi, pagsusulong ng mga programang pangkalusugan at sanitasyon at sistema ng pampublikong edukasyon. Sa aspektong ito, naging matagumpay ang pamahalaang militar. Bagama't may mga suliraning kinaharap sa unang bahagi ng pagpapatupad, naging maayos ang takbo ng pamahalaan dahil na rin sa positibong pagtugon ng mga mamamayan. Naging maganda ang reaksiyon ng mga Pilipino sa mga patakarang pangkalusugan at sa uri ng edukasyong isinulong dahilan upang maiangat ang maayos na kalusugan at makapagbukas ng maraming mga paaralan sa unang mga buwang inilagi ng pamahalaang militar. Ang mga patakaran at programang pang-administratibong itong isinulong ang naging pundasyon ng mga institusyong itatayo at ipalalaganap sa kapuluan maging sa panahon ng pamahalaang sibil (Jose, 2000), lalo at higit ang sistema ng edukasyon (Guerrero, 1998).

Subalit hindi lamang ang internal na pamamahala ang kinailangang pagtuunan ng pansin. Nangailangan ng malaking pansin ang gagawing pakikipag-ugnayan sa pamahalaang Pilipino. Matatanto sa mga hakbang na ginawa at mga liham at pahayag na inilabas ng mga pinunong Amerikano at Pilipino ang dalawang mukha ng pamahalaang militar sa pakikipag-ugnayan nito. Naging arogante at hindi diplomatiko (*undiplomatic*) ang pagkikitungo ng mga liham ni Otis kay Aguinaldo sa mga usaping pangkasarinlan at sa pagiging pinuno niya ng sangkapilipinuhan. Makikita ang anyo ng pakikitungong ito nang sabihin ni Otis na walang dalawahang okupasyong magaganap sa Maynila. Gayundin ang pag-uutos nitong lumikas mula sa teritoryong Amerikano sa mga *arrabales* ng Maynila ang mga rebolusyonaryo.

Mag-iiba naman ang tono ng liham ni Otis sa usapin ng mga bihag ng digma. May pagsasaalang-alang sa posisyon ni Aguinaldo at ng kanyang pamahalaang maimpluwesyahan ang mga pwersa nitong palayain na ang mga bihag ng digma. Subalit sa kabila ng pagbabago sa pakikitungong ito, hindi pinahintulutan ni Aguinaldo ang pagpapalaya sa maraming mga bihag lalo na ang mga prayle at opisyal.

Ang hakbang naman ni Otis na irebisa ang proklamasyon ni McKinley upang maiwasan ang labanan, ay muling pagbibigay-pansin sa kapangyarihan ng pamahalaan ni Aguinaldo. Subalit nanatili pa rin ang esensya ng proklamasyon: ang paghawak ng EEUU sa soberanya ng Pilipinas. Dulot nito, naglabas ng tugon si Aguinaldo na nagpapahiwatig na ng digmaan. Mariin niyang tinuligsa ang pamahalaang militar, ang pamumuno ni Otis at ang mismong mga hakbang ng pamahalaan ng EEUU sa kapuluan. Ang pagpapalitan ng pahayag at liham na ito ang nagbunga ng ilang mga negosasyon. Subalit wala ring kaaya-ayang resulta ang nabuo lalo pa nang ipaalam ni Aguinaldo ang pagkakatatag ng Republika sa Malolos at ang pagmamatigas ni Otis na hindi niya kikilalanin ang naturang pamahalaan. Ang pagkabigong ito ng pamahalaang militar sa larangang pandiplomatiko ang nagbunga ng angkop na kapaligiran para sa digmaang sumambulat nga sa gabi ng Pebrero 4, 1899 – ang Digmaang Pilipino-Amerikano.

Mga Sanggunian

- Agoncillo, T. A. (1960). *Malolos: The crisis of the republic*. Quezon City: UP Press.
- Agoncillo, T. A. (1973). Anti-imperialism in the Philippines: The Filipino plea for independence. Sa Paterson, T. G. (Ed.), *American imperialism and anti-imperialism* (pp. 126-140). New York: Thomas Y. Crowell Company.
- Bailey, T. A., & Kennedy, D. M. (1987). *The American pageant: A history of the republic*. Massachusetts: D. C. Heath and Company.
- Blount, J. (1913). *The American occupation of the Philippines 1898-1912*. New York: Putnam.
- Camagay, M. L. T. (1997). *French consular dispatches on the Philippine revolution*. Quezon City: UP Press.
- Corpuz, O. D. (1999). *Saga and triumph: The Filipino revolution against Spain*. Manila: Philippine Centennial Commission.
- Elliott, C. B. (1917). *The Philippines: To the end of the military regime*. Indianapolis: Bobbs-Merrill.
- Faust, K. (1899). *Campaigning in the Philippines*. San Francisco: Zhicks-Jude.
- Funston, F. (1911). *Memories of two wars: Cuban and Philippine experience*. New York: C. Scribner's Son.
- Gates, J. M. (1937). *Schoolbooks and kragis: The United States Army in the Philippines, 1898-1902*. Connecticut: Greenwood Press.
- Gleeck, L. E. Jr. (1998). *The American half-century (1898-1946)*. Quezon City: New Day Publishers.
- Guerrero, M. C. (1998). *Under Stars and Stripes (Kasaysayan: The Story of the Filipino People)*. Asia Publishing Company Limited.
- Jose, R. T. (2000). The American period, 1898-1935. *The Philippines after the revolution, 1898-1945*. Manila: NCCA.
- Kalaw, T. M. (1930). *Las cartas politicas de Apolinario Mabini (con prologo y notas)*. Manila.
- Kalaw, T. M. (1969). *The Philippine revolution*. Rizal: Jorge B. Vargas Filipiniana Foundation.
- Lacuesta, M. G. (1959). Foundations of an American educational system in the Philippines. *Philippine Social Sciences and Humanities Review*, XXIII, 2-4.
- Le Roy, J. A. (1914). *The Americans in the Philippines: A history of the conquest and first years of occupation with an introductory account of the Spanish rule*. Boston: Houghton Mifflin.
- Linn, B. M. (1989). *The U.S. army and counterinsurgency in the Philippine War, 1899-1902*. Chapel Hill, NC: University of North Carolina Press.
- Mabini, A. (1964). *Memoirs of the Philippine Revolution*, vol. 1 (A. S. Veloso, Trans). Quezon City: Asvel Publishing Co.
- Miller, R. H. (1970). *American imperialism in 1898: The quest for national fulfillment*. New York: John Wiley and Sons.
- Miller, S. C. (1982). *Benevolent Assimilation: The American Conquest of the Philippines, 1899-1903*. New Haven: Yale University Press.

- Morgan, H. W. (1965). *America's road to empire, the war with Spain and overseas expansion*. New York: John Wiley & Sons.
- Otis, E. S. (1899). *Report of Major-General E. S. Otis, U. S. volunteers on military operations and civil affairs in the Philippine Islands (1899)*. Washington: Government Printing Office.
- Rizal, J. (1889/1996). Filipinas, Dentro de Cien Años. *La Solidaridad*, vol. 1 (G. Fore-Ganzon, Trans). Pasig City: Fundacion Santiago.
- Smith, J. (1994). *The Spanish-American War: Conflict in the Caribbean and the Pacific, 1895-1902*. New York: Longman.
- Storey, M. (1926). *The conquest of the Philippines by the United States, 1898-1825*. New York: G.P. Putnam's Sons.
- Tan, S. K. (2002). *The Filipino-American War, 1899-1913*. Quezon City: UP Press.
- Taylor, J. (1971). *The Philippine insurrection against the United States: A compilation of documents with notes and introduction*. Vol. II, May 19, 1898-July 4, 1902. Pasay City: Eugenio Lopez Foundation.
- Villanueva, H. A. (1952). A chapter of Filipino diplomacy. *Philippine Social Sciences and Humanities Review*, XVII, 2.
- Welch, R. E. Jr. (1979). *Response to imperialism: The United States and the Philippine-American War, 1899-1902*. Chapel Hill, NC: University of North Carolina Press.
- Wolff, L. (1961). *Little brown brother: How the United States purchased and pacified the Philippine Islands at the century's turn*. Garden City, New York: Doubleday.
- Worcester, D. C. (1914). *The Philippines: Past and present*, vols. 1 and 2. London: Mills & Boon.
- Younghusband, G. J. (1899). *The Philippines and round about*. New York: MacMillan.